Rebisado Hunyo 2022

# 4 na mga Programa na Makatutulong sa Pagbabayad Mo ng mga Gastos na Medikal

Mayroong mga programa ng pederal at ng estado na magagamit ng mga tao na may Medicare na ang mga kita at mga pinagkukunan ay mababa sa mga itinakdang limitasyon. Maaaring makatulong sa iyo ang mga programang ito para makatipid ka sa iyong pangangalagang pangkalusugan at mga gastos sa de-resetang gamot:

- Medicaid
- Mga Programa sa Matitipid sa Medicare
- Mga Benepisyo sa Suplementong Kitang Panseguridad (SSI)
- Karagdagang Tulong (Extra Help)

## Medicaid

Ang Medicaid ay pinagsamang programa ng pederal at estado na tumutulong sa pagbabayad ng mga gastusing medikal kung may limitado kang kita at/o mga dulugan at natutugunan ang mga ibang inaatas.

Ang bawat estado ay may magkakaibang pangangailangan sa kita at dulugan, at nagpapasya kung sino ang nararapat, anong mga serbisyo ang nasasaklawan at ang mga gastos para sa mga serbisyo.

Tawagan ang iyong tanggapan ng State Medical Assistance (Medicaid) para sa karagdagang impormasyon at para makita kung kuwalipikado ka. Para manahan ang opisina ng Medicaid ng Estado niyo, pumunta sa Medicaid.gov/about-us/beneficiary-resources/index.html#statemenu. Para sa karagdagang tulong, tumawag sa 1-800-MEDICARE (1-800-633-4227). Ang mga gumagamit ng TTY ay maaaring tumawag sa 1-877-486-2048.

## Ang mga Programa sa Matitipid sa Medicare

Kung limitado ang kita at dulugan mo, maaaring makakuha ka ng tulong mula sa estado mo para pambayad ng gastos mo sa Medicare kung natutugunan mo ang ilang mga kundisyon.

May 4 na uri ng mga Programa sa Matitipid sa Medicare:

**Programa ng Kuwalipikadong Benepisyaryo ng Medicare (QMB)** — Tumutulong ang na bayaran ang mga premium ng Medicare Part A (Pang-ospital na Insurance) at/o Medicare Part B (Medikal na Insurance). At, ang mga tagapagkaloob ng Medicare ay hindi pinahihintulutang singilin ka para sa mga makakaltas, coinsurance, o copayment ng Medicare kapag kumukuha ka ng mga serbisyo at item na sinasaklawan ng Medicare, maliban sa mga outpatient na de-resetang gamot.

**Programa sa mga Tinukoy na Maliit ang Kita na mga Benepisyaryo ng Medicare (SLMB)** — Tumutulong na bayaran ang mga Part B premium lang.

**Programa sa Kuwalipikadong Indibiduwal (QI)** — Tumutulong na bayaran ang mga Part B premium lang. Dapat kang mag-apply bawat taon para sa mga QI na benepisyo at ang mga aplikasyon ay ibibigay sa first-come first-served na batayan.

**Programa sa mga Kuwalipikadong Walang-kaya at Nagtatrabhong Indibiduwal (QDWI)** — Tumutulong na bayaran ang mga Part A premium lang. Maaaring kuwalipikado ka para sa programang ito kung mayroon kang kapansanan, nagtatrabaho ka, at nawala mo ang iyong mga benepisyo para sa kapansanan ng Social Security at premium-na libreng Part A dahil bumalik ka sa trabaho.

Ang mga pangalan ng mga programang ito at kung paano sila gumagana ay maaaring iba-iba sa bawat estado. Ang mga Medicare Savings Program ay hindi magagamit sa Puerto Rico at sa U.S. Virgin Islands.

Tawagan ang iyong tanggapan ng State Medical Assistance (Medicaid) para sa karagdagang impormasyon at para makita kung kuwalipikado ka para sa alinman sa mga programang ito. Para manahan ang opisina ng Medicaid ng Estado niyo, pumunta sa Medicaid.gov/about-us/beneficiary-resources/index.html#statemenu. Para sa karagdagang tulong, tumawag sa 1-800-MEDICARE (1-800-633-4227). Maaaring tumawag ang mga gumagamit ng TTY sa 1-877-486-2048.

## Mga Benepisyo ng Suplementong Kitang Panseguridad (SSI)

Ang SSI ay isang benepisyong cash na binayaran ng Social Security sa mga taong may limitadong kita at mga dulugan ng bulag, 65 o mas matanda o may kapansanan. Ang mga benepisyong SSI ay hindi pareho sa mga benepisyo sa pagreretiro ng Social Security.

Maaari kang pumunta sa ssabest.benefits.gov at gamitin ang “Benefit Eligibility Screening Tool” para malaman kung nararapat ka sa SSI o mga ibang benepisyo. Para sa higit pang impormasyon tungkol sa SSI, pumunta sa SSA.gov/benefits/ssi o tumawag sa 1-800-772-1213. Maaaring tumawag ang mga gumagamit ng TTY sa 1-800-325-0778.

**Tala:** Hindi makakakuha ng SSI ang mga taong nakatira sa Puerto Rico, sa U.S. Virgin Islands, Guam, o American Samoa.

## Karagdagang Tulong (Extra Help)

Kung limitado ang kita at mga dulugan mo, maaari kang maging kuwalipikado para sa Karagdagang Tulong, isang programa ng Medicare na tumutulong na bayaran ang iyong mga gastos sa mga de-resetang gamot sa Medicare. Maaaring magbago ang mga antas ng kita at mga dulugan bawat taon. Ang halaga ng Karagdagang Tulong na makukuha mo ay batay sa iyong kita at mga dulugan.

Awtomatiko kang magiging kuwalipikado para sa Karagdagang Tulong kung kuwalipikado ka para sa Medicaid, isa sa Mga Medicare Savings Program, o SSI. Kung hindi ka awtomatikong kuwalipikado para sa Karagdagang Tulong, pumunta sa secure.ssa.gov/i1020/start para mag-apply o malaman kung kuwalipikado ka. Maaari ka ring mag-apply sa iyong tanggapan ng State Medical Assistance (Medicaid).

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa Karagdagang Tulong, bumisita sa Medicare.gov/publications upang makita ang libritong “Ang Iyong Gabay sa Pagsakop sa De-resetang Gamot sa Medicare (Your Guide to Medicare Prescription Drug Coverage)”.

## Para sa Higit na Impormasyon

- Tawagan o puntahan ang iyong tanggapan ng State Medical Assistance (Medicaid) para sa impormasyon tungkol sa Medicaid, Mga Medicare Savings Program, at Karagdagang Tulong. Tumawag ka kung iyong inaakala na ikaw ay kuwalipikado sa alinman sa mga programang ito, kahit na hindi ka sigurado.
- Tumawag sa iyong Programang Tulong sa Segurong Pangkalusugan ng Estado (SHIP) upang makakuha ng libreng pagpapayo sa pansariling segurong pangkalusugan. Upang makakuha ng numero ng telepono sa iyong estado, bumisita sa shiphelp.org, o tumawag sa 1-800-MEDICARE (1-800-633-4227). Ang mga gumagamit ng TTY ay maaaring tumawag sa 1-877-486-2048.
- Pumunta sa SSA.gov o tumawag sa Social Security sa 1-800-772-1213 para sa impormasyon sa, o para mag-apply sa SSI o Extra Help. Ang mga gumagamit ng TTY ay maaaring tumawag sa 1-800-325-0778.

May karapatan kang kumuha ng impormasyon sa Medicare sa anyong maa-access, tulad ng malaking print, Braille, o audio. May karapatan ka ring magsampa ng reklamo kung sa palagay mo ay nadiskriminahan ka. Pumunta sa Medicare.gov/about-us/accessibility-nondiscrimination-notice, o tumawag sa 1-800-MEDICARE (1-800-633-4227) para sa karagdagang impormasyon. Ang mga gumagamit ng TTY ay maaaring tumawag sa 1-877-486-2048.

Ang produktong ito ay ginawa bilang gastos ng nagbabayad ng buwis sa U.S.

CENTERS FOR MEDICARE & MEDICAID SERVICES

CMS Product No. 11445-T
(Tagalog)